

# Illinois Care Connections


Ang Illinois Department on Aging (IDoA), sa pakikipagtulungan sa Illinois Assistive Technology Program (IATP), ay nagbibigay ng suporta na naglalayong paganahin ang **pagkakaugnay sa lipunan**; panatilihin ang **kalusugan, kaligtasan, at kapakanan**; at maisulong ang **pagiging independiyente** at **pamumuhay sa komunidad**.

Illinois Department on Aging

**Sino ang Kwalipikado?** Mga indibidwal na mahigit sa 60 anyos na konektado sa, o tumatanggap ng mga serbisyo mula sa, isang Area Agency on Aging (AAA), entidad na pinondohan ng AAA, Programa ng Pangangalaga sa Komunidad (CCP, akronim nito sa Ingles), Adult Day Service (ADS), o ang mga nagnanais na makipag-ugnayan sa isa sa mga organisasyong ito upang malaman ang tungkol sa mga programang ito.

IATP

ILLINOIS ASSISTIVE TECHNOLOGY PROGRAM

## Anong Mga Aparato/Kagamitan ang Makukuha?

- **Teknolohiya** – iPad o tablet na may sisidlan, keyboard, headphone, at router kung kailangan para sa internet
- **Matibay na Kagamitang Pangmedisina (DME, akronim nito sa Ingles)** – mga walker, silyang pangligo, toilet riser, at iba pang DME
- **Mga Aparato para sa Mga Gawain ng Pang-araw-araw na Pamumuhay (ADL, akronim nito sa Ingles)** – upang makatulong sa pagliligo, pag-aayos, pagluluto, pamamahala ng gamot, at iba pang mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay
- **Mga Smart Device sa Tahanan** – mga smart doorbell, bumbilya, kandado ng pinto, at iba pang mga smart device

## Paano Ako Magpalista?

Ang mga referral ay dapat gawin sa pamamagitan ng Coordination Unit (CCU) ng Programa ng Pangangalaga sa Komunidad ng IDoA o ng isang Area Agency on Aging (AAA) sa iltech.org/services/icc-aging. Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka para sa programa ng ICC, makipag-ugnayan sa iyong lokal na CCU o AAA provider, at humiling na maisumite ang isang aplikasyon sa iyong ngalan.

## Para Matuto Pa Tungkol sa Programa ng Pangangalaga sa Komunidad ng IDoA

at para makahanap ng tulong sa iyong lugar, mangyaring bisitahin ang ilaging.illinois.gov/programs/ccp.html, i-scan ang QR code, o kontakin ang Senior Helpline sa:

**1-800-252-8966**